REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

# KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-20

**KAUTUSAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANG MILYON LIMANGDAANG LIBONG PISO (P2,500,000.00), PARA SA PAGPAPATULOY NG PAGGAWA NG PROYEKTONG "ROAD CONCRETING" SA BLOCK 10 & 11, SA SOLDIER'S HILLS, PUTATAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA, NA ANG PONDO AY KUKUNIN SA "UNRELEASED PORTION OF ONE HUNDRED TWENTY MILLION PESOS (P120,000,000.00) PNB LOAN".**

*******************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng **Seksiyon 16 ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991** ang kapangyarihan ng bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal na kailangan angkop o nauugnay para sa mahusay at epektibong pamamahala at sa lubhang kailangan sa pagtataguyod ng kagalingang pangmadla;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng pangunahing paglilingkod at pasilidad ay pananagutan ng bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal **(Art. 25, Mga Kautusan at Alituntuning Nagpapatupad ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991);**

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing pasilidad na dapat ipagkaloob upang tugunan ang pangangailangan ng mga naninirahan sa Lungsod ay ang pagpapagawa o pagsasaayos ng kalsada;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay may Proyekto na **"ROAD CONCRETING"** (Phase II) sa Block 9, 10, 11 at 12, Soldier's Hills, Barangay Putatan, na kasalukuyang ginagawa;

**SAPAGKAT,** ang karugtong ng Proyektong ito, sa **Block 10 & 11, Soldier's Hills** ay sirang-sira na rin at hindi na madaanan ng mga sasakyan;

**SAPAGKAT,** ang mga naninirahan sa lugar na ito ay humiling na maipaayos at maipakonkreto ang natitirang bahagi ng Proyekto;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay mayroong **"Unreleased One Hundred Twenty Million Pesos (P120,000,000.00) PNB Loan"** na maaaring pagkunan para sa pagpapagawa nito;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na ilaan ang halagang **Dalawang Milyon Limangdaang Libong Piso (P2,500,000.00)** para sa pagpatuloy ng paggawa ng Proyektong **"ROAD CONCRETING"** sa **Block 10 & 11, Soldier's Hills,** Putatan, Lungsod ng Muntinlupa, na ang pondo ay kukunin sa **"Unreleased One Hundred Twenty Million Pesos (P120,000,000.00) PNB Loan".**

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **15 Setyembre 1997, sa ginanap na ika-97 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

10/7/97

Petsa:____________________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 / 842-23-77
Fax No. 8426196